



Sampung payo sa Paggamit ng Sariling Wika sa inyong Tahanan

1. Magsalita sa sariling wika o mga wikain ng madalas, at hikayatin ang buong pamilya magsalita ng sariling wika hanggat maaari.
2. Sabihin ang mga nakasanayang kwento, tula, at kasabihan sa inyong mga anak. Kausapin sila tungkol sa inyong pamilya, kultura, at kasaysayan.
3. Sumulat sa pamilya o kaibigan kasama ang inyong mga anak sa sariling wika, sa mga sulat, email, text, o kaya social media at mag plano ng pagbisita sa kanila kung maaari.
4. Mag basa ng libro ng sama sama araw araw. Ituro mo ang larawan, basahin lahat o mga ilang salita, at nmarahil gumamit din ng libro na bilingguwal.
5. Manood ng programma o pelikula sa inyong sariling wika sa telebisyon, sa mga aklatan o sa internet, at marahil piliin ang mga Ingles na nakasalin na diyalogo.
6. Tulungan ang inyong mga anak sa kanilang takdang aralin sa sariling wika, na galing sa paaralan, simbahan, templo o moske
7. Kumanta ng mga kanta sa inyong mga anak sa sariling wika.
8. Masaya! Magpatugtog ng musika at nakaugaliang laro sa sariling wika.
9. Maglagay ng mga karatula, alpabeto o tsart sa sariling wika.
10. Ipaliwanag sa inyong mga anak na maaari silang maging magaling sa dalawa o higit pang mga wika at kultura ng sabay sabay.

Tandaan:

- Ang pag gamit ng sariling wika o wikain sa inyong tahanan ay makakatulong sa inyong mga anak na magtagumapay sa paaralan at sa trabaho sa hinaharap.
- Okay lang para sa inyong mga anak na pag haluin ang kanilang mga wika.
- Okay lang na humingi ng tulong sa pamilya, mga kaibigan o guro kung ang inyong mga anak ay hindi gustong gamitin ang inyong sariling wika.
- Mas madali sa mga pangkat. Sumali sa mga aktibidad sa komunidad, o kaya'y humanap o magsimula ng grupo ng pagbabantay ng mga bata, grupo na may ibat-ibang kultura, o kaya'y koponan sa inyong lugar o sa (online).